

Mga maghahabi sa buong bansa, nagsama-sama sa ika-50 anibersaryo ng DOST-PTRI

Ni Rodolfo P. de Guzman, DOST-STII

Kasama ang mga maghahabi sa iba't-ibang panig ng bansa, masayang ipinagdiwang ng Department of Science and Technology-Philippine Textile Research Institute (DOST-PTRI) ang kanilang ika-50 taong anibersaryo sa Philippine International Convention Center sa lungsod ng Pasay.

Ang PTRI ay patuloy na gumagawa ng mga pag-aaral at pananaliksik sa larangan ng "textile science". Ang ahensya ay gumagawa ng mga makabagong kagamitan, proseso at teknolohiya tulad ng mga makabagong disenyo ng "handloom" at sari-saring kulay mula sa mga halamang dati ay hindi ginagamit tulad ng turmeric, mahogany at saluyot.

Ang DOST-PTRI, sa ngayon ay nagpapalaganap ng tinatawag na mga "neo-ethnic textile products" na gawa sa iba't ibang uri ng halaman tulad ng abaca, piña, saging at iba pa na hinahanap na ng mga fashion designer sa New York, Tokyo at Paris.

Mga Nilalaman

DOST InfoSerbilis, gagawing maagap ang pagtugon sa mga katanungan sa Siyensya at Teknolohiya	p2
Low Cost Dryer ng DOST-FPRDI, pinausbong ang 'handicraft industry' sa bansa	p3
LarawaNews.....	p4



Kuha ni Gerardo G. Palad, DOST-STII

Si DOST Secretary Fortunato T. de la Peña ang naging panauhing pandagal kung saan pinuri niya ang PTRI sa mga inobasyon at teknolohiyang nagawa nito sa loob ng limampung taon.

"Binabati ko ang PTRI sa kanilang anibersaryo at pinupuri ko ang mga nagawa nilang mga inobasyon at mga teknolohiyang makabago gamit ang mga katutubong halaman tulad ng kawayan, piña, at ang sapol galing sa tubo o sugarcane at ang paggamit ng mga natural dyes galing sa mahogany at saluyot," pahayag ni Secretary de la Peña.

Nagkaroon din ng eksibisyon ang mga organisasyon ng mga manghahabi sa mga rehiyon ng Cordillera, Ilocos, Gitnang Luzon, MIMAROPA, Bisayas at Mindanao.

Ang mga exhibitor-weavers na nagmula sa iba't ibang bahagi ng bansa ay ang mga sumusunod: Bagtason Loom Weavers

ng Bugasong, Antique; ABAI Weavers ng Laguindingan, Misamis Oriental; Salngan Multi-Purpose Cooperative ng Iloilo, gumagawa ng mga telang hablon; Malabor na naghahabi ng abaca at pina mula sa Tibiao, Antique; Manilikha ng Bayan Loomweavers ng Pinili, Ilocos Norte; San Jose Multi-Purpose Cooperative ng Sarrat, Ilocos Norte; Nagbacalan Handloom Weavers ng Paoay, Ilocos Norte; Narda's ng Cordillera; ang Sunflower Weavers ng Malaybalay, Bukidnon; at ang Kenhulung Handicrafts Federation ng Lake Sebu sa South Cotabato ang grupo ng mga T'boli na naghahabi ng t'nalak.

Sa pangwakas ay inilatag ni Director Celia B. Elumba ng PTRI ang National Textile Science and Technology Roadmap kung saan inilad ang mga proyekto at programa ng PTRI sa mga susunod na taon upang maangat muli ang industriya ng tela sa bansa.



Pormal na iniabot ni Dr. Ma Theresa Velasco, Dean ng College of Development Communication ng University of the Philippines Los Baños at mga mag-aaral ng Master of Science in Development Communication kay Alan C. Taule ang policy brief ng "DOST InfoSerbilis" noong Disyembre 12, 2016 sa Philippine Science Heritage Center sa lungsod ng Taguig. (Kuha ni Gerardo G. Palad, DOST-STII)

DOST InfoSerbilis, gagawing maagap ang pagtugon sa mga katanungan sa Siyensya at Teknolohiya

Ni Karl Raven A. Ramon, DOST-STII

Isang proyekto ang dinedebelop ng mga iskolar ng Department of Science and Technology (DOST) na siyang lalong magpapabilis sa pagtugon sa iba't ibang katanungan ng ating mga kababayan hinggil sa mga serbisyo ng DOST.

Tinatawag na "DOST InfoSerbilis", ang proyekto ay layunin magbibigay ng sapat na kaalaman sa bawat kawani ng DOST hinggil sa mga mahahalagang impormasyon at serbisyo ng bawat ahensya na nasa ilalim ng pamamahala ng DOST.

Sa pamamagitan ng proyektong ito, pinapanong magtayo ng mga information kiosk at one-stop online site sa bawat ahensya ng DOST upang bigyan ng sapat na kakayahan ang mga empleyado na sagutin ang ilang mga katanungan patungkol sa mga programa o serbisyo ng lahat ng ahensya ng DOST.

Isinagawa ang pormal na paglulunsad noong Disyembre 12, 2016 sa Philippine Science Heritage Center sa lungsod ng Taguig.

Nanguna sa pagbuo ng nasabing proyekto ay ang mga empleyado ng DOST na nabigyan ng scholarship sa ilalim ng Human Resource Development Program (HRDP) para makapagalar ng Master of Science in Development Communication sa University of the Philippines Los Baños (UPLB). Binubuo ang grupo nila Salvador R. Serrano (team leader, FNRI), Haziell May C. Natorilla (STII); Ulyann C. Garcia (PCHRD); Charyl C. Apuyan (NAST); Mary Charlotte O. Fresco, George Robert E. Valencia III, at Ma. Estrella B. Valle (NRCP); at Ana Ciaren H. Itulid (PCHRD).

Nanguna naman sa pagsuporta sa nasabing proyekto ang DOST-Science and Technology Information Institute.

"I am certain that many, if not all, DOST agencies have their own respective initiatives to highlight the importance of science to the Filipino public. So I feel that the time is right for us to harmonize and converge these efforts into a comprehensive package," ayon kay Alan C. Taule, hepe ng Information

Resources and Analysis Division ng STII, na siyang kumatawan sa kanilang director na si Richard P. Burgos.

Dagdag pa ni Taule, mahalaga sa isang ahensya ang pagkakaroon ng mga empleyado na may mataas na kaalaman sa lahat ng serbisyo na ibinibigay ng kanilang opisina. Sa pamamagitan nito, mas organisado at mas mabilis na maipapakalap at matutugunan ang pangangailangan ng mga Pilipino, lalo na kung may kinalaman ito sa siyensya at teknolohiya. (Impormasyon mula kay Espie Angelica A. de Leon)

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD

Editor-in-Chief

ALLAN MAURO V. MARFAL

Editorial Assistant

JAMES B. INTIA

Layout

JANINA MYN M. VILLAPANDO

Proofreader

FERDINAND D. CARTAS

Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST). Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

Low Cost Dryer ng DOST-FPRDI, pinausbong ang 'handicraft industry' sa bansa

Ni: Allan Mauro V. Marfal at Eula Mae Carla D. Olod, *DOST-STII*

Limang dekada nang gumagawa at nagbebenta ng mga 'handicraft products' mula sa mga kahoy na inanod sa dagat ang kumpanyang Starwood Manufacturing. Sa pagbuo ng kanilang mga produkto, mahalagang aspeto ang maayos na pagtutuyo ng mga kahoy upang hindi madaling amagin ang mga 'handicraft products' na inieksport nila sa iba't ibang panig ng mundo.

Ayon kay Larry S. Tan, may-ari ng Starwood Manufacturing, sa loob ng maraming taon, ang ginagawa nilang proseso ng pagpapatuyo ay ang pagbibilad ng kanilang mga 'handicraft products' sa ilalim ng sikat ng araw.

"Mahirap ang situwasyon namin noon, masyado kami nakadepende sa sikat ng araw para lang mapatuyo iyong mga produkto namin. Tapos, alam mo naman dito sa Pilipinas, pabago-bago ang lagay ng panahon, kaya halimbawa kapag umuulan, iyong mga nakabilad naming produkto, kakailanganin naming ipasok sa loob tapos ibibilad na lang ulit kapag umaraw na", sabi ni Tan.

Ang ganitong kahirap na proseso na pinagdaraan ng Starwood Manufacturing ay nagresulta nang mabagal at kaunting produksyon.

Kaya naman, sobrang naging malaki ang naitulong ng teknolohiyang mula sa

Department of Science and Technology-Forest Products Research and Development Institute (DOST-FPRDI) na 'Low Cost Dryer' sa pagpapabilis at pagpapataas ng antas ng kalidad ng produksyon ng Starwood Manufacturing.

Ang 'Low Cost Dryer' ay isang 'heating facility' na dinesenyo at dinebelop ng mga eksperto sa DOST-FPRDI upang gawing mas maayos at mas mabilis ang pagpapatuyo ng mga 'raw materials' na ginagamit sa paggawa ng mga 'handicraft products', gayundin sa mga gumagawa ng mga produkto yari sa paleta na kahoy.

"Simple lang ang istruktura nito. It is an enclosed hollow block structure, may plastering siya on inner and outer portions para airtight at mayroon itong heating system na sobrang mura ang fabrication at construction cost", sabi Wency H. Carmelo ng DOST-FPRDI na tumatayong project leader sa pagbuo ng Low Cost Dryer.

Samantala, ilan sa mga ibinahagi ni Tan na benepisyo ng 'Low Cost Dryer' sa paggawa ng mga 'handicraft products' ng Starwood Manufacturing ay pinapataas nito ang kalidad ng kanilang produkto.

"Noong wala pa itong Low Cost Dryer, madalas atakihin ng insekto at amagin ang mga produkto namin, kaya madalas isinasauli ng mga kliyente ito at napipilitan kaming magbayad ng export claims. Pero sa tulong ng teknolohiyang ito, nasusukat na namin ang tamang 'moisture content' ng mga 'handicraft products' bago pa namin ma-ship out ito", Hindi mo kasi malalaman iyon sa pagbibilad lang sa araw eh", sabi ni Tan.

Bukod dito binanggit din ni Tan na mas maraming piraso ng mga 'handicraft products' ang nagagawa nila sa isang araw at mas maaga nilang naipapadala ang mga ito sa kanilang mga kliyente sa ibang bansa, simula ng gamitin nila ang 'Low Cost Dryer'

"Nagpapasalamat kami sa DOST, partikular sa FPRDI dahil bukod sa teknolohiya na nakakatulong sa negosyo namin, nagbabahagi rin sila ng mga teknikal na kaalaman para mapayabong pa naming ang kalidad ng aming mga ibinebentang produkto", pagtatapos ni Tan.



Mga kuha ni James Bryan G. De Guzman, Tenorium Enterprises

DOST-PCAARRD, suportado ang pagpapataas ng produksyon ng gatas sa bansa gamit ang “artificial insemination”

Ni Rodolfo P. de Guzman, DOST-STII

Ang Department of Science and Technology- Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (DOST-PCAARRD) ay lubos na sumusuporta sa pagpapataas ng produksyon ng gatas at gayun din sa mga proyekto ng Department of Agriculture (DA) tulad ng Milk Feeding Program.

Ayon sa mga nakalap na datos, isang porsiyento lamang ng produksyon ng gatas sa bansa ang galing sa lokal na mga suplayer o 99% ng mga produktong gawa sa gatas ay inaangkat pa natin sa ibang bansa.

Ayon pa sa pag-aaral may 64% sa produksyon ng gatas ang galing sa mga cattle o baka at ang 34% ay galing sa buffalos o sa mga kalabaw.

“But where will we get this if we are only one percent sufficient?” sabi ni Dr. Eufrocina DP. Atabay ng Philippine Carabao Center (PCC) na nasa ilalalim ng DA nang siya ay magsalita tungkol sa “Role of Assisted Reproduction in Dairy Industry Development” noong nakaraang S&T Agri-Biotech Forum. Ang naturang forum ay isinagawa sa tulong ng DOST-PCAARRD.

Sabi pa ni Dr. Atabay, isang eksperto sa “reproductive biotechnology”, na pinalala ang sitwasyon ng mababang bilang ng mga cattle at buffalo at kung meron man, ang mga ito ay

mababa ang produksyon dahil sa kapabayaang na nagdudulot ng malaking kawalan sa ekonomiya ng bansa.

Pahayag ni Dr. Atabay na ang layunin ng PCC at ng kanyang mga kasama ay mapataas ang pagpapalaganap ng populasyon ng mga cattle at buffalo at mapataas ang kalidad at antas ng genetic quality ng mga nasabing hayop.

Isa sa mga makabagong teknolohiya na maaaring gamitin ay ang tinatawag na “artificial insemination” upang mapadami ang populasyon ng mga alagang hayop. Sa pamamaraang ito, kinukuha ang semilya mula sa lalaking kalabaw at ito ay itinuturok sa “reproductive tract” ng babaeng kalabaw. Ang DOST-PCAARRD ay nagsasagawa din ng ganitong pamamaraan sa mga iba’t ibang hayop tulad ng mga programa nito sa kambing katulong ang Central Luzon State University (CLSU) sa Muñoz, Nueva Ecija.

Isa pang teknolohiya na sinusupportahan ng DOST-PCAARRD ay ang tinatawag na “embryo transfer” upang maparami ang produksyon ng mga hayop na pangsakahan na ginagawa na rin sa kalabaw.

Kinokolekta ng siyentista ang mga “embryo” mula sa isang babaeng kalabaw at inililipat sa isa pang babaeng kalabaw gamit ang teknolohiya ng artificial insemination.



Isa pang teknolohiya na ginagamit upang maparami ang populasyon ng isang uri ng hayop ay ang “in vitro fertilization” na kung saan ang labis na “embryo” ay pinipreserba para sa susunod na paggagamitan.

“So there are many ways of producing the embryo,” pahayag ni Dr. Atabay.

Ang mga prosesong ito ay ginagamitan din ng tinatawag na “ultrasound technology” sa “ovum pick-up”, upang makolekta ang mga “egg cells” galing sa mga hayop na may mataas na antas ng lahi.

“As we employ these technologies, we are ensuring the sustainability of the production of our local dairy animals so we can avoid the importation of live animals, avoid the importation of some diseases...for a sustainable and globally competitive dairy industry,” panghuling pahayag ni Dr. Atabay. (Impormasyon mula kay Espie Angelica A. De Leon, DOST-STII)

LarawaNEWS

Pormal nang nanumpa si Gng. Brenda L. Nazareth-Manzano kay Department of Science and Technology (DOST) Secretary Fortunato T. de la Peña bilang bagong talaga na Undersecretary for Regional Operations noong Enero 20, 2017 sa DOST Central Office sa Bicutan, Taguig City. Sa loob ng higit dalawang dekada, nagsilbi siya bilang Regional Director ng DOST IX si Dr. Nazareno at ilan sa mga programa na kanyang pinangunahan ay ang OneLab at Community Empowerment thru Science and Technology o CEST, kung saan nakatuon ito sa pagtulong sa mahihirap na komunidad sa bansa gamit ang kapasidad ng siyensya at teknolohiya. Sa ilalim din ng kanyang pamamahala, ang DOST IX ang kauna-unahang regional office ng DOST na nakatanggap ng ISO 900 Certification. (Kuha ni Gerardo G. Palad, DOST-STII)

